

**ANG PAG-AARAL SA IMPLUWENSYA NG MGA PINAUSONG  
SALITA MULA SA TELEBISYON NG TAONG 2013 SA PANG  
ARAW-ARAW NA KOMUNIKASYON NG PILING  
MAG-AARAL NG DE LA SALLE UNIVERSITY-  
DASMARIÑAS**

**Isang Espesyal na Pag-aaral na Iniharap sa  
Dalubhasaan ng Malalayang Sining at Komunikasyon  
Kagawaran ng mga Sining Pangkomunikasyon  
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas**

**Bilang Bahagi ng Pagtupad sa mga Kahingian  
Upang Makamit ang Titulong  
Batsilyer ng Sining sa Komunikasyon**

**nina:**

**MA. JEMIE-ANNE A. LAYUGAN  
JOSELLE KAYE L. ROMBAOA**

**Abril 2014**

## **ABSTRAK**

**Pangalan ng Institusyon:** De La Salle University – Dasmariñas

**Pamagat:** Ang Pag-aaral sa Impluwensya ng mga Pinausong Salita Mula sa Telebisyon ng Taong 2013 sa Pang Araw-araw na Komunikasyon ng Piling Mag-aaral ng De La Salle University- Dasmariñas

**Mga Mananaliksik:** Layugan, Ma. Jemie - Anne A.

Rombaoa, Joselle Kaye L.

**Halaga:** P 6,070.00

**Sinumulan:** Enero, 2013

**Natapos:** Oktubre, 2013

**Pangkalahatang Suliranin:** Gaano kalawak ang impluwensya ng paggamit ng mga nausong salita mula sa telebisyon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D?

### **Mga Ispesipikong Suliranin**

1. Ano-ano ang mga sikat na salitang pinauso sa taong 2013 sa telebisyon sna ginagamit sa kasalukuyan ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D?
2. Ano-ano ang mga kahulugan ng mga sikat na salitang pinauso sa taong 2013 sa telebisyon ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D?
3. Saan nakuha ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D ang mga salitang pinauso sa telebisyon sa taong 2013?

4. Sa ano-anong sitwasyon ginagamit ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D ang mga salita na pinauso sa telebisyon sa taong 2013?
5. Gaano kadalas ginagamit ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D ang mga salitang pinauso sa telebisyon sa taong 2013?
6. Ano-ano ang mga konteksto ng mga nausong salita sa telebisyon sa taong 2013 sa pananaw ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D?

#### **Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa mga pinausong salita na nagmula sa telebisyon na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D. Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng preliminaryong sarbey para sa lahat ng mag-aaral ng DLSU-D upang matukoy ang kanilang mga ginagamit na salitang pinauso mula sa telebisyon. Sa pamamagitan ng pagbuo ng *Facebook page*, ang lahat ng mga estudyante ng DLSU-D na kalahok ay nag-post ng kanilang mga ginagamit na salita na nagmula sa telebisyon. Ang mga salitang ginamit sa pag-aaral na ito ay nang galing sa telebisyon at hindi nagmula sa *social networking sites*.

## **Metodolohiya**

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay ginamitan ng isang *Descriptive* at *Exploratory* na pag-aaral. Ang *Descriptive* na pag-aaral ay isang paraan ng pag-aaral na mas malalim ang pagkolekta ng mga impormasyon. Dito pinag-aralan ang mga datos at pag-uugali ng populasyon o penomeno ng paksa. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mananaliksik upang malaman ang ibig sabihin ng mga pausong salita sa telebisyon. Ang *Exploratory* naman ay ang isang uri ng pag-aaral na naipapaliwanag ng mga mananaliksik ang isang bago at orihinal na paksa. Ang pag-aaral na ito ay isang orihinal na pag-aaral na may orihinal na paksa na hindi pa napag-aaralan ng sinoman. Sa ganitong uri ng pag-aaral, mas malalaman ng mga mananaliksik kung papaano ginagamit ang mga pausong salita mula sa telebisyon ng mga mag-aaral ng DLSU-D.

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng *Quantitative* na uri ng pag-aaral. Ang *Quantitative* ay isang pag-aaral na tinatalakay ang pangangalap ng mga pangunahing datos mula sa malaking numero ng mga indibidwal. Dito, pinagtutuunan ng pansin ang dami o bilang ng mga inaasam na impormasyon batay sa mga suliranin na dapat lutasin. Ito ay kadalasang isinasagawa sa mga kalahok ng isang pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng metodolohiyang ito upang mas maintindihan at makuha ang impormasyon bilang kasagutan sa mga pangunahing suliranin ng pananaliksik na ito.

## **Konklusyon**

Sa isinagawang pag-aaral ng mga mananaliksik tungkol sa mga pausong salita na nagmula sa telebisyon, napatunayan na ang mga piling mag-aaral ng DLSU-D ay malawak ang sakop ng impluwensya ng mga pausong salita. Ito ay ginagamit ng mga piling mag-aaral sa tuwing nakikipagkomunikasyon sa kanilang kaibigan o kaedad na gumagamit at nakakaintindi rin ng pausong salita. Hindi sa lahat ng oras ay maaaring gamitin ang mga pausong salitang ito sapagkat hindi pormal o balbal ang mga salitang ito. Ang paggamit nito ay batay pa rin sa taong kausap at sa sitwasyon. Ang mga pausong salita na ito ay nakukuha ng mga piling mag-aaral sa iba't ibang programa sa telebisyon, at ang programa na pinakapinanggagalingan ng mga ito ay Gandang Gabi Vice at Showtime na isa sa mga *host* dito ang komedyanteng si Vice Ganda. Ginagamit ang mga pausong salita sa kanilang pakikipagkomunikasyon sapagkat ito ay madalas na nakakatulong sa pagpapahayag ng mensahe, nang sa gayo'y madaling nasasabi o naipapahayag ang saloobin sa espisipikong sitwasyon. Sa mga gumagamit ng mga pausong salita, ang usapan ay napapaikli, madaling maintindihan at nagbibigay aliw o buhay sa usapan. Hindi masyadong nagiging seryoso o pormal ang daloy ng komunikasyon.

Sa kabilang banda, ang paggamit ng modelong *Cultivation Theory* at *Ethnography of Communication* ay naipakita ang proseso kung paano nakukuha ang mga impormasyon sa telebisyon at kung paano ang kabuuang proseso ng

paggamit sa pakikipagkomunikasyon sa grupo. Dito malalaman ang mga (1) pamamaraang ginagamit sa pakikipagkomunikasyon ng grupo, (2) kahulugan ng nakasanayang komunikasyon na mayroon sa grupo, (3) saan at kailan ginagamit ng miyembro ang kasanayang ito, (4) paano ginagamit ang komunikasyon para sa kabuluhan ng komunidad, at (5) iba't ibang katawagan na ginagamit ng mga grupo. Sa proseso ng pinagsamang modelo, ipinapakita na ang *creator* ang tagapaghayag ng mensahe na lengguwahe o mga salita ang kanilang mga inihahayag sa mga nakatanggap ng mensahe.

## **Rekomendasyon**

### **Teoretikal na Rekomendasyon**

- Nais na irekomenda ng mga kasalukuyang mananaliksik na gamitin ang “Modelo ni Maletzke”, sa gayon ay mas magkaroon ng pokus sa tagatanggap ng mensahe at sa kung ano ang maaaring maging epekto nito sa mga manonood at kung papaano ito gamitin. Sa paggamit ng modelo na ito, mas mabibigyan ng diin kung paano ang pagatanggap at ano- ano ang mga klase ng impormasyong tinatanggap. Mabibigyan din ng karagdagang gamit o silbi ang tagatanggap ng mensahe sapagkat ipapakita na ito ay pinagmumulan din ng impormasyon gamit ang midyum.

## Metodolohiyang Rekomendasyon

- Magsagawa rin ng isang *Focus Group Discussion* (FGD), upang magkausap-usap ang iba't ibang kalahok na siyang magpapayahag ng kanya-kanyang kaalaman at karansanan sa paggamit ng mga pausong salita na nagmula sa telebisyon.
- Magsagawa ng isang panayam sa mga personalidad sa telebisyon na siyang pinanggagalingan ng sikat na pausong salita. Upang magkaroon ng impormasyon mula sa kanila kung papaano nila naiisip ang mga salitang ito, kung papaano nila ito nabubuo at kung gaano nila naiimpluwensyahan ang mga manonood na gamitin ang mga salitang pauso.
- Maaari rin na kunin pa ng mga susunod na mananaliksik ang mga pausong salita sa iba't ibang midyum upang mas mapalawak pa ang impluwensya ng mga pausong salita.
- Gawin na buong mag-aaral ng DLSU-D ang kalahok ng mga susunod na mananaliksik upang mas maparami pa ang mga impormasyong makukuha at mas maging *valid* pa lalo ang mga resulta.
- Ipa-*validate* sa isang eksperto ng lingguwistika ang mga pausong salita upang mas matukoy kung ang mga ito ay katanggap-tanggap o hindi.

### **Konseptwal na Rekomendasyon**

- Pag-aralan ng mga susunod pang mananaliksik ang mga pausong salita gamit ang iba pang midyum at panig ng mga personalidad sa midya na nagpapauso ng mga salita. Alamin din kung gaano sila o papaano sila nagiging makaimpluwensya sa mga manonood na gamitin o tangkilikin ang mga pausong salita. Maaari ring pag-aralan ang bawat kaukulang paggamit ng mga pausong salita batay sa sitwasyon at pag-uugali patungkol sa pakikipagkomunikasyon gamit ang ibang midyum.
- Isa pang maaaring pag-aralan ay ang pausong salita sa iba't-ibang aspekto ng paggamit nito upang mas lalong matukoy ng espesipiko ang gamit ng pausong salita batay sa mga sitwasyon. Pausong salita batay sa edad din o kaya naman ay kasarian upang mas lalong malaman kung ano-ano ang nararapat na pausong salita sa kaukulang edad at kasarian.
- Maaaring talakayin ang lawak at pagkakaiba ng impluwensya ng mga pausong salita na ginamit sa iba't-ibang midyum tulad ng *internet*, radyo, pahayagan at magasin.

### **Praktikal na Rekomendasyon**

- Inirerekomenda rin ng mga mananaliksik na ituro ng mga propesor o guro sa kanilang mag-aaral ang pagmamahal sa sining, partikular na sa mga makabagong wika ngayon dahil ito ay mahalaga sa mga dalubhasa na nag-aaral ng wika, upang maging karagdagang kaalaman tungkol sa



mga uso na salita sa kasalukuyan at upang mapayabong pa nang husto ang pag-aaral ng lingguwistika.

- Maiintindihang mabuti ng mga mag-aaral at mga susunod pang mga mananaliksik ang mga makabagong wika na maaari nilang gamitin sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon na maaari rin nilang magamit sa kanilang mga kaibigan, propesor, administrador at sa iba't ibang kolehiyo o pamantasan.
- Magagamit ang pag-aaral na ito bilang sanggunian ng isasagawang pag-aaral na may kaugnayan ditto. Makapagbibigay ito ng karagdagang impormasyon tungkol sa impluwensya ng mga pausong salita mula sa telebisyon sa mga manonood. Makatutulong ang pag-aaral na ito upang mas mapayabong pa ang mga bokabularyo at mga termino na ginagamit, lalo na kapag may mga salitang hindi masyadong maipahayag. Makapag-aambag din ito sa pag-aaral ng lingguwistika.
- Sa kabilang banda, ang mga nauusong salita ay mas mabibigyang-pansin ng mga tao sa midya upang matukoy kung ano ang patok sa interes ng mga manonood. Magbibigay- linaw rin ang pag-aaral na ito sa kung gaano kalawak ang impluwensya ng mga salitang nauuso sa telebisyon ngayon.

## TALAN NG NILALAMAN

### Kabanata 1. KALIGIRAN NG PAG-AARAL

1.1 Panimula	1
1.2 Paglalahad ng Suliranin	8
1.3 Kahalagahan ng Pag-aaral	9
1.4 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral	10
1.5 Depenasyon ng mga Termino	11

### Kabanata 2. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

2.1 Konseptwal na Literatura	16
2.2 Riserts na Literatura	24
2.3 Sintesis	31

### Kabanata 3. BALANGKAS NG PAG-AARAL


3.1 Balangkas ng Teorya	33
3.2 Konseptwal na Balangkas	39
3.3 Operasyonal na Balangkas	42

### Kabanata 4. METODOLOHIYA

4.1 Disenyo at Metodolohiya ng Pananaliksik	46
4.2 Instrumento sa Pag-aaral	47
4.3 Paraan ng Pangangalap ng Datos	50
4.4 Pag-aanalisa ng Datos	53
4.5 Talatakdaan	54
4.6 Badyet	56

<b>Kabanata 5. PRESENTASYON NG DATOS AT PAG-AANALISA</b>	
<b>5.1 Suliranin Bilang 1</b>	<b>57</b>
<b>5.2 Suliranin Bilang 2</b>	<b>65</b>
<b>5.3 Suliranin Bilang 3</b>	<b>82</b>
<b>5.4 Suliranin Bilang 4</b>	<b>89</b>
<b>5.5 Suliranin Bilang 5</b>	<b>107</b>
<b>5.6 Suliranin Bilang 6</b>	<b>122</b>
<b>Kabanata 6. BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON</b>	
<b>6.1 Buod</b>	<b>141</b>
<b>6.2 Konklusyon</b>	<b>144</b>
<b>6.3 Rekomendasyon</b>	<b>146</b>
<b>BIBLIOGRAPIYA</b>	<b>151</b>
<b>APENDIKS</b>	
<b>7.1 Apendiks A</b>	<b>156</b>
<b>7.2 Apendiks B</b>	<b>157</b>
<b>7.3 Apendiks C</b>	<b>158</b>
<b>7.4 Apendiks D</b>	<b>171</b>
<b>7.5 Apendiks E</b>	<b>174</b>
<b>7.6 Apendiks F</b>	<b>178</b>

<b>7.7 Apendiks G</b>	<b>188</b>
<b>7.8 Apendiks H</b>	<b>195</b>
<b>7.9 Apendiks I</b>	<b>208</b>
<b>7.10 Apendiks J</b>	<b>217</b>
<b>7.11 Apendiks K</b>	<b>225</b>
<b>7.12 Apendiks L</b>	<b>240</b>
<b>7.13 Apendiks M</b>	<b>254</b>
<b>7.14 Apendiks N</b>	<b>257</b>
<b>7.15 Apendiks O</b>	<b>261</b>



## TALAAAN NG PAHINA

Talaan 1	Edad ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D na kalahok sa sarbey	48
Talaan 2	Kasarian ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D na kalahok sa sarbey	49
Talaan 3	Aktuwal na pagkakalkula ng bahagdan	52
Talaan 4	Aktuwal na pagkakalkula ng espesipikong bilang ng mag-aaral nakalahok sa sarbey	53
Talaan 5	Espesipikong porsyento at bilang ng mag-aaral na kalahok sa sarbey	53
Talaan 6	Mga pausong salita ng taong 2013 ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	58
Talaan 7	Bilang ng mga gumagamit ng pausong salita ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	59
Talaan 8	Kahulugan ng “Ansaveh” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	65
Talaan 9	Kahulugan ng “Eksaherada” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	66
Talaan 10	Kahulugan ng “I-Dawn Zulueta” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	66
Talaan 11	Kahulugan ng “Weh” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	67
Talaan 12	Kahulugan ng “Kalurkey” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	68
Talaan 13	Kahulugan ng “Amalayer” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	68
Talaan 14	Kahulugan ng “Di Nga” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	69
Talaan 15	Kahulugan ng “Bongga” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	70
Talaan 16	Kahulugan ng “PBB Teens” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	70
Talaan 17	Kahulugan ng “Hoy Ha” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	71
Talaan 18	Kahulugan ng “Waley” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	72
Talaan 19	Kahulugan ng “Kilig Much” ayon sa piling mag-aaral ng	72

	DLSU-D	
Talaan 20	Kahulugan ng “Unkabogable” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	73
Talaan 21	Kahulugan ng “Party-party” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	74
Talaan 22	Kahulugan ng “Ay Hindi” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	74
Talaan 23	Kahulugan ng “May Nag-text” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	75
Talaan 24	Kahulugan ng “Oh Edi Ikaw Na” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	76
Talaan 25	Kahulugan ng “Rubadabango” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	76
Talaan 26	Kahulugan ng “Anyare” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	77
Talaan 27	Kahulugan ng “Hiyang Hiya Naman Ako Sa’yo” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	78
Talaan 28	Kahulugan ng “Oh My Gee” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	78
Talaan 29	Kahulugan ng “Naman” ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	79
Talaan 30	Mga uri ng palabas sa telebisyon na nakuha ng mga piling mag-aaral ng DLSU-D ang mga pausong salita	84
Talaan 31	Sitwasyon ng “Ansaveh” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	90
Talaan 32	Sitwasyon ng “Eksaherada” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	91
Talaan 33	Sitwasyon ng “I- Dawn Zulueta” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	92
Talaan 34	Sitwasyon ng “Weh” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	93
Talaan 35	Sitwasyon ng “Kalurkey” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	94
Talaan 36	Sitwasyon ng “Amalayer” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	95
Talaan 37	Sitwasyon ng “Di nga” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	95
Talaan 38	Sitwasyon ng “Bongga” ayon sa mga piling mag-aaral ng	96

	DLSU-D	
Talaan 39	Sitwasyon ng “PBB Teens” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	97
Talaan 40	Sitwasyon ng “Hoy ha” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	98
Talaan 41	Sitwasyon ng “Waley” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	99
Talaan 42	Sitwasyon ng “Kilig much” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	100
Talaan 43	Sitwasyon ng “Unkabogable” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	100
Talaan 44	Sitwasyon ng “Party-party” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	101
Talaan 45	Sitwasyon ng “Ay hindi” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	102
Talaan 46	Sitwasyon ng “May nagtext” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	102
Talaan 47	Sitwasyon ng “Oh edi ikaw na” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	103
Talaan 48	Sitwasyon ng “Rubadabango” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	104
Talaan 49	Sitwasyon ng “Anyare” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	104
Talaan 50	Sitwasyon ng “Hiyang hiya naman ako sa’yo” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	105
Talaan 51	Sitwasyon ng “Oh my gee” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	106
Talaan 52	Sitwasyon ng “Naman” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	106
Talaan 53	Gaano kadalas ginagamit ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	107
Talaan 54	Gaano kadalas nakatutulong ang pinausong salita ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	109
Talaan 55	Dahilan kung nakatutulong ba (Oo, Palagi) ang pausong salita ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	110
Talaan 56	Dahilan kung nakatutulong ba (Madalas) ang pausong salita ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	112
Talaan 57	Dahilan kung nakatutulong ba (Hindi gaano madalas) ang	115

	pausong salita ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	
Talaan 58	Dahilan kung nakatutulong ba (Minsan) ang pausong salita ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	117
Talaan 59	Dahilan kung nakatutulong ba (Hindi) ang pausong salita ayon sa piling mag-aaral ng DLSU-D	120
Talaan 60	Konteksto ng “Ansaveh” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	123
Talaan 61	Konteksto ng “Eksaherada” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	124
Talaan 62	Sitwasyon ng “I- Dawn Zulueta” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	125
Talaan 63	Konteksto ng “Weh” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	126
Talaan 64	Konteksto ng “Kalurkey” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	127
Talaan 65	Konteksto ng “Amalayer” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	127
Talaan 66	Konteksto ng “Di nga” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	128
Talaan 67	Konteksto ng “Bongga” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	129
Talaan 68	Konteksto ng “PBB Teens” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	129
Talaan 69	Konteksto ng “Hoy ha” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	130
Talaan 70	Konteksto ng “Waley” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	131
Talaan 71	Konteksto ng “Kilig much” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	132
Talaan 72	Konteksto ng “Unkabogable” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	132
Talaan 73	Konteksto ng “Party party” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	133
Talaan 74	Konteksto ng “Ay hindi” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	134
Talaan 75	Konteksto ng “May nagtext” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	135
Talaan 76	Konteksto ng “Oh edi ikaw na” ayon sa mga piling mag-	136



	aaral ng DLSU-D	
Talaan 77	Konteksto ng “Rubadabango” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	137
Talaan 78	Konteksto ng “Anyare” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	137
Talaan 79	Konteksto ng “Hiyang hiya namn ako sa’yo” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	138
Talaan 80	Konteksto ng “Oh my gee” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	139
Talaan 81	Konteksto ng “Naman” ayon sa mga piling mag-aaral ng DLSU-D	139

